*Office of the Schools Division Superintendent*



## 2021 GRADUATION MESSAGE

Sa aking mga ginigiliw na mag-aaral, mga magulang, mga guro, mga tagapangasiwa, at mga kaanib sa larang ng edukasyon, ang aking mainit na pagbati na puno ng pagmamahal at kapayapaan!

Hindi biro ang pagsubok na natamasa ng ating Kagawaran sa pagsisimula ng taong-aralan 2020-2021 na nagdulot ng samu't saring suliranin na kinakaharap ng ating mga paaralan, mga guro, at lalo na sa inyo aming mga minamahal na mag-aaral at sa inyong mga magulang na siyang gumagabay sa inyong pagtahak tungo sa landas ng kaalaman. Maraming pagbabago na kinailangan nating makasalamuha at mapagtagumpayan upang ang hinahangad na kalidad ng edukasyon ay hindi maisakripisyo kahit sa kabila ng anumang pagsubok na dulot ng pandemyang ito na haggang sa kasalukuyan ay patuloy na sumusubok sa ating katatagan at pananampalataya.

Ang ating tema ngayong taon na nagsasaad na, Kalidad ng Edukasyon Lalong Patatagin sa Gitna ng Pandemya ay isang makabuluhang palatandaan na kayo ay nanatiling matatag kahit sa malaking pagbabago dahil sa katotohanang kayo ay maluwalhating magsisipagtapos ngayong taon. Hindi man kayo nabigyan ng pagkakataon na buong galak na magmartsa sa saliw ng kaindak-indak na musika, nawa ay maikintal ninyo sa inyong puso at isipan na kayo ay naging bahagi ng isang makasaysayang panahon na sa kabila ng paghihirap ay napagtagumpayang masumpungan ang liwanag ng pag-asa.

Kayo ay bahagi ng kasaysayan na ang mga dating sistema ay nawasak at tuluyang napalitan ng makabago at nawa ay mas mainam na kaparaanan. Subalit sa kabila ng mabilis na pagpapalit ng mga nakasanayan ay nanatili ang pagmamahal ng ating Kagawaran sa inyo sapagkat kayo ang

silahis na inaasahang magbubuklod ng kahapon at ngayon patungo sa isang maliwanag at

matagumpay na bukas.

Tunay kayong mapalad bilang bahagi ng makabagong henerasyon sapagkat marami pa kayong pagkakataon na patunayan sa inyong sarili at sa ating lipunan na kaya ninyong abutin ang inyong mga minimithi kaya lubos ninyong gamitin ang oportunidad na ito upang unti-unting tahakin ang pipiliing landas at maging isang makabuluhang indibidwal. Huwag ninyong kaligtaan na ang mga nagtatagumpay ay iyong nakatuon sa mga posible at hindi sa mga limitasyon, kaya ialay ninyo sa ating makapangyaring Ama ang inyong mga tunguhin at natitiyak ko na hinding- hindi kayo mabibigo.

Sa ating mga magulang, mga guro at mga tagapangasiwa ng bawat paaralan, tanggapin ninyo ang aking taos-pusong pasasalamat dahil sa inyong matatag na suporta habang nilalandas ang mga radikal na pagbabago. Ang inyong sakripisyo ay siyang humulma at nagbigay-lakas sa inyong mga supling, maraming salamat! Gayundin sa hindi matatawarang suporta ng ating lokal na pamahalaan, mga pribadong sektor at iba pang mga organisasyon, batid ninyo ang inyong malaking ambag sa aming mga adhikain at sa pagtitiwala sa ating mga kabataan. Sa ngalan ng Sangay ng Lungsod Butuan, tanggapin ninyo ang aking walang hanggang pasasalamat!

Sa mga magsisipagtapos, huwag kayong mangamba, patuloy na magdasal at kamtin ang tinitingalang tagumpay!

**MARILOU B. DEDUMO PHD., CESO V**
Schools Division Superintendent